



Ang Wikang Katutubo¹

Ni Dalmacio Martin

NANG sumulat si Rizal sa mga kababaihan ng Malolos noong 1889 upang magbigay ng kanyang kuru-kuro tungkol sa ikabubuti ng mga Pilipino ay ginamit niya ang wikang Tagalog. Ang aking palagay sa bagay na ito ay inisip ni Rizal na sa wikang Tagalog siya dapat makipag-usap sa mga kilalang babae sa Malolos noong mga panahong yaon sapagka't lalong madaling magkakaintindihan ang mga Pilipino at lalo ring maliliwanagan ang diwa ng ibig sabihin kung sa katutubong wika siya magpaliwanag. Tayo naman ay lubos na nakakaintindi ng wikang Tagalog dito sa bayang, higit sa lahat, ay pugad ng mga lalong kilalang mananagalog sa Pilipinas, at sa araw-araw ng ating buhay ay Tagalog ang ating ginagamit lalo pa nga at mahahalagang bagay ang ating paguusapan, kaya't ipahintulot ninyong sa wikang ito ako magpahayag sa inyo ng kaunting pagmamasid at kuru-kuro. Ginamit lamang ni Rizal ang banyagang wika sa kanyang mga sinulat kailan pa ma't nakararami ang mga di Tagalog sa kanyang mga sinusulatan.

Tungkol sa makasaysayang sulat ni Rizal noong 1839 ay nais ko lamang tawagin ang inyong pansin sa isang tagubilin ni Rizal na may kinalaman sa gawang pagtuturo at pagbubukas ng isip ng mga kabataan:

Gisingin at ihanda ang loob ng anak sa balang mabuti at mahusay na akala; pagmamahal sa puri, matapat at timtimang loob, maliwanag na pag-iisip, malinis na asal, maginoong kilos, pagibig sa kapuwa, at pagpipitagan sa Maykapal, ito ang ituro sa anak...

Ang binanggit na sulat ay ipinadala ni Rizal sa mga kababaihan ng Malolos bilang pagbibigay-dangal at pagbati sa balak na magbukas ng isang paaralang panggabi sa bayang Malolos kahit na malaki ang pagtutol ng kura sa kumbento. Ang mga babaing ito ay umaabot sa dalawampu ang bilang, at kasama rito, ayon sa ulat ni G. Epifanio de los Santos, ang mga sumusunod: Alberta Ui-Tangcoy, Teresa Tantoco, Maria Tantoco, Merced Tiongson (asawa ni Sandiko), Agapita Tiongson, Basilia Tiongson, Basilia Tantoco, Paz Tiongson, Felicisima Tiongson, Leoncia Reyes (asawa ni Graciano Reyes), at Olimpia Reyes.

¹ Sa pagpupulong ng "Rotary Club" ng Malolos, Setyembre 14, 1957.

Sa isang sulat ni Marcelo H. del Pilar sa kanyang kamag-anak na si Josefa Gatmaytan, petsa Marzo ng taong 1889, ay pinakapuri ni Del Pilar ang ipinakitang pagka-makabayan ng mga taga-Malolos na hindi niya, diumano, makita sa mga babaing taga-Bulakan, Bulakan.

Isa ring pagkakataong napakamahalaga na ang nasabing kuru-kuro ni Rizal ay sa mga taga-Malolos niya ipinatagubilin. Noong mga panahong yaon ay ang Malolos ang maipalalagay na *cabecera* ng pakikilaban at pagsulong. Sa dahon ng ating kasaysayan ay ang Malolos ang naging lalong tanyag na bayan sa ating lalawigan dahil sa mga di malilimutang pangyayari na, sa kawalan ng panahon, ay hindi na natin iisa-isahin sa ngayon. Sapat ng banggitin ko ang pangyayaring sa isang pook na ngayon ay sakop ng Malolos ay sumilang ang Unang Kapulungan ng Pilipinas, at sa katunayan ay sa araw ng bukas, ika-15 ng Setyembre, ay idaraos ang tatawaging *Malolos Day* bilang parangal sa kasaysayan ng bayang ito.

Mga ilang bagay pang dapat papanumbalikin sa ating ala-ala ay ang mga sumusunod: Ika-13 ng Setyembre nang si Aguinaldo at ang kanyang mga kawal ay bigyan ng *ultimatum* ni Heneral Otis na lisanin ang paligid ng Maynila; ika-14, o baga ay sa anibersaryo ng petsang ito, dumating si Aguinaldo sa Malolos, at sa ika-15 nang ang mga kinatawan ng Pamahalaang Rebolusyonaryo ay magtipun-tipun sa Barasoain. Isang dakilang pagkakataon ang araw na ito para sa atin.

Ang nais kong tukuyin sa inyo sa pagpupulong nating ito ay ang natutungkol sa wika sa ating paaralang bayan. Ngayon ay panahon ng pagkakagulo sa wika, at pati ng mga nag-aaral ay nagdaranas ng kaguluhan. May tatlong bahagi ang aking iuulat sa inyo:

- (1) Ang Ingles sa paaralang bayan sa Pilipinas.
- (2) Ang Tagalog, o Wikang Pilipino, sa paaralang bayan.
- (3) Ang katutubong wika.

Itong huli ay nagkakaroon ng malaking ibig sabihin sa mga dako ng Pilipinas na labas sa Katagalugan.

Alam na ninyo marahil kung paanong ang Ingles ay naging wika ng ating paaralan. Nang utusan ni McKinley na tumungo rito sa Pilipinas ang Pangalawang Komisyonado Pilipino na pinanguluhan ni Taft ay itinagubilin ni McKinley ang maagang pagbubukas ng mga paaralan sa ikatatahimik at ikasusulong ng bagong kasasakop na Kapuluang Pilipinas. Ang payo ni McKinley ay gamitin sa pagsisimula ng pagtuturo, o sa mga mababang grado, ang wikang katutubo ng bayan.

Hindi naluwatan at napatunayan ng mga Amerikanong puno ng paaralan na napakaraming wika sa Pilipinas, at walang maaaring gamiting isang wika lamang sa pagbubukas ng paaralan. Ganito ang paliwanag ni Atkinson, puno ng mga paaralan noong mga panahong yaon:

Walang mastrong Americano, o Pilipino man, na sapat na nakaalam ng gramatika ng mga nagdadamihang wika sa Kapuluan, at kung ang wikang katutubo ang ginamit sa lahat ng dako ay sigurong ang mga prayleng Kastila lamang ang maaaring manungkulan sa paaralan. Wala ni isang wikang katutubo na kasing-yaman ng Ingles at kasing-tumpak sa mga pangangailangan. . . . Matangi sa rito, at ito ay napakamalaking-bagay, ay walang librong magagamit na nasusulat sa wikang katutubo o dialecto.

Labis na pahahaba ang ating pagpupulong kung iisa-isahin ko sa inyo ang iba pang mga nagsipamuno na nagpayo na Ingles ang ating gamitin sa paaralan kahit na ang ganitong pasiya ay hindi ganap na sangayon sa atas ni McKinley noong 1899.

Dapat ding sabihin dito na hindi lahat ng Amerikano ay sangayon sa palakad na Ingles ang tanging dapat gamitin. May mga Amerikano dito sa Pilipinas at gayon din sa Estados Unidos na tutol sa kautusang ito, ngunit ang kanilang kuru-kuro ay hindi naghari sa matibay na pagsalungat ng mga unang nagsipamuno sa paaralan. Maaari nating sabihin ngayon na marahil ay hindi nagkamali ang mga unang punong Amerikano sa pagpapalaganap ng Ingles sa lahat ng dako sapagka't, una, tutoo ngang magluluwat ang pagtatatag ng isang modernong *educational system* kung hihintayin munang makagawa ng mga libro sa lahat ng wikang katutubo sa Pilipinas mula sa Batanes hanggang Sulu. Sa pangalawa, ay hindi marahil madadali ang pagkakaisa ng buong bayang Pilipinas kung hindi binigla ang paggamit ng Ingles sa lahat ng dako. Ikatlo, ay hindi gaanong makatutulong sa atin ang mga mastrong Amerikano kung hindi Ingles ang ipinasiyang gamitin. Sino, maliban sa kanila, ang makatutulong sa atin noong mga panahong yaon? Ang mga paring Kastila kaya na katatapos lamang kalabanin noong himagsikan?

Patuloy ang pagiging popular ng Ingles sa di mabilang na taon. Ang *Service Manual* ng Bureau of Education ay ganito ang tagubilin noong 1927 tungkol sa bagay na ito:

Sa patuloy na pag-gamit ng Ingles, bilang wikang opisyal, ay dapat alalahanin na hindi hinahangad na palitan ang mga katutubong wika sa buhay pang-araw-araw. Ang mga dialecto ay sigurong di maaaring mamatay sa tahanan at sa paguusap pang-pook, at ang mga ito ay hindi dapat makagambala sa opisyal na patakarang Ingles ang gagamitin sa mga paaralan.

Maging ang dimalilimutang *Monroe Survey Commission* noong 1925 ay hindi nakapagbigay ng malinaw na tagubilin sa bagay na ito, at nagkasiya na lamang ang mga eksperto ng komisyon na sabihing sa pagtuturo ng kabutihang-asal at kabaitan ay maaaring haluan ng wikang katutubo kung kakailanganin. Kinilala ng komisyon na may mga diwa at uri ng pangungusap sa buhay ng Pilipino na hindi magiging akmang-akma kung sa Ingles natin sasabihin. Isang halimbawa na nito ang salitang Tagalog na "pakikipag-kapwa tao." Papaano natin masasabi iyan sa Ingles nang buong-buo ang uri ng ating ibig sabihin?

Dumating ang panahon nina Gallego, Bocobo, Lope K. Santos, at iba pa. Unti-unti nilang ginising ang ating pansin sa malaking nasayang na pagod sa pagtuturo sa kagustuhan nating maging Ingles na lubusan ang ating pakikipagusap sa ating mga batang tinuturuan. Una-una, ang Ingles ay hindi tunay na atin, at gaano man kabuti ang maestro ay may mga salitang mahirap maintindihan ng mga batang hindi naman sa wikang Ingles ipinanganak at pinalaki. Ikalawa, gaya na nga ng aking nabanggit, ay may uri ng ibig sabihin sa Inang Wika na hindi maililipat sa Ingles ng hustong-husto.

Dumating ang taon ng 1930, at nag-aalimpuyo noon ang ating pagkampanya sa independensya. Nagkataon namang naging *Vice-Governor-General* natin si George C. Butte, at ang ginoong ito, bilang Kalihim ng Pagtuturo, ay gumulat sa mga puno ng ating paaralang-bayan nang kanyang taas-noong sabihin na kamalian ang hindi natin paggamit ng wikagg katutubo sa ating pagtuturo ng mga bata na ang karamihan, wika niya, ay naghihinto ng pagaaral pagkatapos ng dalawa o tatlong grado. Ganito ang sabi ni Butte:

Pagkatapos ng isang masusing pagaaral ay ako ay humantong sa paniniwalang ang pagtuturo sa paaralang elementarya sa Pilipinas ay dapat gumamit ng wikang katutubo (siyam na wika ang kabuoan sa siyam na rehyon) pagkakaroon ng kinakailangang libro at mga mastrong may sapat na paghahanda.

Pagkatapos maging *Commonwealth* ang Pilipinas ay isa na sa kauna-unahang tagubilin ng tinawag na *Quezon Educational Survey Committee* ang sumusunod:

Ang mga maestro sa paaralang-primarya ay dapat pahintulutang makagamit ng katutubong wika (dialecto) upang makatulong sa kanilang pagtuturo, gaya halimbawa ng aritmetika, geometrya, istorya, at ibang social sciences.

Mga ilang taon lamang bago sumapit ang petsang ito ay bawal sa mga paaralan ang pagsasalita ng dialecto o katutubong wika, at ako ay isa na sa mga estudyante sa elementarya na napaparusahan pag ako ay gumamit ng kahit isang salitang hindi Ingles sa loob ng paaralan.

Nang si Dr. Jorge C. Bocobo ay maging Kalihim ng Pagtuturo ay unti-unting nabago ang palakad sa paggamit ng wikang katutubo. Ang konstitusyon ng *Commonwealth* ay nagsaad na sa panahon ng *transition*, o kaya ay hanggang 1946, ang wika ng paaralan ay ipagpapatuloy sa wikang Ingles, at ganito ang itinakda kung sa Ingles babasahin: "The educational system shall be conducted principally in the English language." Ipinaliwanag ni Bocobo na sa salitang "principally" ay napapaloob ang pasiya na, "secondarily," o parang pangpangalawa, ang wikang hindi Ingles ay maaari ding gamitin. Tangi sa rito, pagkatapos ng sampung taong *transition*, wika ni Bocobo, ay hindi na tayo sakop ng nasabing *transitory provision* ng konstitusyon.

Patuloy hanggang sa dumating ang digmaan noong 1941 ang paglaganap ng paggamit ng wikang katutubo. Nang matapos ang digmaan noong 1945 — pagkatapos ng panahong (kung gagamitin natin ang salitang lansangan) naluma ang Ingles—ay halos wala nang dapat ipasiya kundi ang pagpapatibay ng ating sariling diwa at damdamin sa pagka-Pilipino. Kasama na rito ang pagpapahalaga sa sariling atin — wika, ugali, kurikulum, kasaysayan, at iba pa. Kung kapos man sa Ingles ang mga bata noong bago magkadigma ay lalong naging kapos sa Ingles ang angawangaw na batang lumaki at nabuhay noong panahon ng kadiliman, o kaya ay panahon ng mga Hapon. Ibabalik ba natin sa Ingles ang ating paaralan, at nasisiguro ba nating hindi lalong magiging malaki ang kapangulugihan kung ating itatabi ang lahat ng layunin sa pagtuturo sa nais nating makabawi sa pag-iingles? Sa mga Pilipinong nagtatataka kung bakit ang mga bata ngayon ay hindi makapagsalita ng kasingbuting Ingles gaya ng mga nagsimula ng pagaaral noong 1920 o 1930, ito ay dapat natin ipaala-ala. Ito ay dala ng isang di maiwasang pagbabago, at paglakad ng ating pagka-Pilipino, at hindi natin dapat tangisan ang mga yumao, o kaya ay sisihin na parang bulag ang lahat at madla. Ang ating dapat isaisip, sangayon sa aking kuru-kuro, ay pagbutihin natin ang pagtuturo ng ating sariling wika, ang mga taga-Cebu sa Cebuano, ang mga taga-Pampanga sa Kapampangan, at iba't iba pa.

Hindi ko ibig sabihing dapat tayong masiyahan sa tinatawag na *bamboo English*, o kaya ay purihin natin ang Ingles sa balu-baluktot. Ang aking ibig sabihin ay sa 75 por syento ng ating mga bata na hindi nagpapatuloy ng pagaaral pagkatapos ng elementarya ay huwag na nating pag-ukulan ng lahat ng ating lakas ang pagtuturo ng Ingles. Ang ating pagukulan ng pagod at pawis sa pagtuturo ng Ingles ay yaon

lamang na magsisigamit ng wikang iyan sa kanilang karera o propesyon, alalaong baga ay yaong mga magpapatuloy sa *high school* o sa unibersidad. Ako ay nagpapalagay na ito ang ating magiging palakad sa darating na araw. Dito ay makukunan natin ng leksyon ang ginagawa ng mga Hapon, Hindu, Intsik, at iba pa.

May mga nagdaang panahon na tayo ay nalilipus ng tuwa kung naririnig nating ang mga bata ay mabuting umingles. Ang tunay na edukasyon ay hindi Ingles lamang. Kung ang bata ay mabuti mang umingles, ngunit kapos naman sa mga kinakailangan ng pagka-mabuting tao, ay hindi sapat na edukasyon ang ating ibinibigay. Ang tunay na edukasyon ay maaaring isagawa sa alin mang wika na katutubo sa sangbayanan. Ito ay aking sariling kuru-kuro na maaaring makaiba sa inyong minamabuti.

Pagkatapos ng digmaan ay mga Amerikano na rin ang nagpa-ala-ala sa atin na maaari tayong nagkaka-mali sa ating palakad sa paaralan. Ipinapayo nila ang pagbabago. Noong 1949 ay isang komitiba ng mga eksperto ang ipinadala rito ng UNESCO sa hiling ng ating pamahalaan, at ito ay pinanguluhan ng Amerikanong si Dr. Floyd W. Reeves. Kabilang sa komitibang ito si Dr. Paul R. Hanna na, alam na ninyo, ay naging masusing tagapayo ng ating Kalihiman ng Pagtuturo. Naito ang payo ng komitiba:

Ang Misyon ay ganap na nagmasid sa mga probinsya at kanilang nakita na madalas ay malaking pagod at hirap ang ginugugol sa pagtuturo ng wikang banyaga at dahil dito ay kakaunting panahon ang natitira sa pagtuturo ng tunay na nilalaman ng mga pinagaaralan. Lalo pa nga sa mababang grado, ang kinauuwian ng pagtuturo ay ang pagmemoria ng mga salita sa isang wika na hindi gaanong naiintindihan ng mga bata, kung kaya't kaunting panahon lamang ang natitira sa pag-iisip o paggamit ng mga itinuturo sa ikabubuti ng pamumuhay o mabuting-asal.

Isa pa ring Amerikano, si Dr. Clifford Prator na espesyalista sa pagtuturo ng Ingles sa University of California, ang nagpaala-ala sa atin noong 1949 na ang palakad natin sa ating pagtuturo sa mababang grado ng lipus na Ingles ay mahahawig sa kamaliang turuan ang batang Amerikanong sa Nueva York ng salitang Turkish, at Turkish lamang, bagama't pagkatapos magaral ang batang Amerikanong nasabi ay hindi na niya gagamitin ang Turkish sapagka't, alam na ninyo, Ingles ang wika sa Nueva York. Itinagubilin ni Dr. Prator ang pag-uumpisa sa mababang grado sa wikang katutubo.

Sa isa kong pagbibisita sa kabisayaan ay nakita ko ang isang pangkat ng mga estudyante sa isang *vocational school* na gumagawa ng isang konkretong *driveway*. Ang maestro ay ulit-ulit sa pagtuturo sa mga estudyante sa wikang Ingles ng kung papaano ang gagawin sa pagtatrabaho, paghahalo ng semento, paglalagay ng bakal at bato, at iba't iba pa. Pinagpayuhan siya ng superintendente na kausapin ang

kanyang mga eskuwela sa salitang Cebuano, at ito naman ang sinunod ng guro. Maniwala kayong nadali ang pagkakaintindihan, at dahil dito marahil ay nadali at napaigi ang kanilang ginagawa.

Sa isang *science class* sa intermedya ay nagkaroon ng leksiyon na natutungkol sa tinatawag na *air pressure*. Tatlong uri ng *air pressure* ang ipinaliwanag ng pinagpapawisang maestro. Tanong siya ng tanong sa mga bata sa wikang Ingles kung kanilang naiintindihan, at ang mga bata naman ay walang imik na parang nahihiyang itinataas ang kamay. Isa o dalawa lamang sa mga bata sa buong klase, sa loob ng 30 minutos, ang umako sa buong klase at nagligtas sa maestro sa ganap na pagkapahiya. At ang iba pang sagot ng mga batang listong sumagot ay mali at di tama. Ipinagpayo ng aking kasama sa maestro na ibigay ang leksiyon sa wikang Iloko, at ito naman ang sinunod ng maestro. Maniwala kayong parang sumiklab ang pag-iisip ng mga bata, at mula na noon ay lubos silang nagkaintindihan at nagkasagutan ng kasiya-siya ng tungkol sa *air pressure*. Sa nais nating mapagbuti ang Ingles, kung magkaminsan, ay walang natutuhan ang ating mga nagaaral kundi Ingles lamang.

Ngayon naman ay maitatanong ninyo: Kung ang paggamit ng katutubong wika sa una at pangalawang grado ang magiging palakad sa lahat ng dako, papaano naman ang hinaharap ng wikang Tagalog para maging pangkapuluang Wikang Pilipino? Kailangan pa ba natin ang Wikang Pilipino sa ibabaw ng iba-ibang katutubong wika sa iba-ibang dako? Ang bagay na ito ay isang malaking paksa sa maikling pagpupulong na ito upang masuri ng buong liwanag. Nguni't gagawin ko ang aking kaya upang maihain sa inyo ang ilang kuru-kuro.

May mga bansa sa ibabaw ng mundo na nagkakahati-hati rin sa kanilang katutubong wika, at isa na riyang ang India. Ang Nepal ay isa pa rin na iba-iba ang wika ng mga mamamayan. Ang China ay nasa ganito ring kalagayan. Ang mga bansang ito kaya ay hindi maaaring sumulong at umunlad dahil lamang sa bagay na ito? Sa Mexico ay marami ring iba-ibang dialekto, at ang Mexico ngayon, sa lahat ng America Latina, ay siyang lalong pinakamalakas ang pagsulong. Ang mga bansang nabanggit, sa kabila ng bukod-bukod na mga dialekto, ay gumagamit ng isang wika upang maging tanging opisyal. Dito sa atin sa Pilipinas ay ipinasiya ng ating konstitusyon noong 1934 na magpalago tayo ng isang wikang pangkalahatan, at ang wikang iyan ay katutubo rin sa lupang Pilipino. Tagalog ang napili sa bagay na ito.

Isisingit ko muna ang isang pagpapaliwanag ng natutungkol sa India, Nepal, at Mexico. Sa India, ayon sa aking pagkaalam, ay wikang Hindu ang ginawang tanging opisyal na wika sa buong bansa. Sa Nepal naman ay iyong tinatawag nilang Nepal. At

sa Mexico ay Kastila naman ang pangkalahatang wikang opisyal. Kung maitatanong ninyo kung bakit ang Mexico ay nakapagpalago ng Kastila sa isang lupaing hindi naman katutubong Kastila, at kung inyong itatanong ngayon kung bakit hindi Ingles ang ating palaguin upang maging tunay na pangkalahatan sa Pilipinas, ang akin lamang masasabi, bagaman at hindi ako eksperto sa bagay na ito, ay ang Mexico at ang España ay nagkasama ng halos apat na raang taon, isang pagsasamang, dahil sa kalapitan ng Mexico sa España, ay nagkaroon ng maayos na pamamahala. Tangi pa sa rito ay maraming Kastila ang nagsitira sa Mexico buhat sa España. Nang humiwalay ang Mexico sa España noong 1821 ay laganap na ang Kastila sa lahat ng dako ng Mexico. Mismong mga mestisong Kastila ang nagsipamuno sa rebolusyon sa Mexico ng dumating na ang panahong ang dalawang bansang ito ay dapat maghiwalay. Ang mga katutubong Indiyos sa Mexico, maaari pa ring ipalagay, ay tila hindi kasingtibay o kasingdami ng mga "indio" sa ating Kapuluan (isang tawag sa ating mga kalahi ng mga punong Kastila noong kanilang kapanahunan). Hindi maaaring palubugin ang dugong Malayo, bagaman at nakikita natin kung papaanong unti-unting nadadaig o nangangaunti ang mga Indiyos ng lupaing America at ng mga pulo sa Pasipiko.

Samakatuwid, kung nais nating tayo ay magkaroon ng isang pangkapuluang wika na makakabuklod sa ating lahat na mga Pilipino, isang wikang magagamit nating parang sagisag o pangilala sa pagpupulong ng mga bansang malaya sa daigdig, ay tayo ay pinagsabihan na ng ating konstitusyon na dapat maging katutubong atin, hindi Ingles at hindi rin Kastila, kundi Tagalog ang ating magiging batayan pangumpisa. Sayang at may mga Pilipino pang hangga ngayon ay pinapaghahari ang **regionalismo**, nguni't ito ay hindi rin natin dapat ikabugnot pagkat ang lunas ay makukuha natin sa mabuting pamamalakad at pagkampanya. Dito nandito ang kahalagahan ng tulong ng ating mga paaralan. Sa isipan ng ating mga bata ipinupunla ang binhi ng pagkamakabayan sa wika at sa ibang bagay pa man. Ang mga bata ngayon ang magiging mamamayan sa kinabukasan.

Sa isang pagtitipun-tipon sa Tokyo ng mga Hapones at Pilipino noong nakaraang Disyembre ay sinabi ng isang namanghang mastrong Hapon sa akin: "How well you speak English!" Kung tatagalugin, "Kay inam ninyong magsalita ng Ingles!" Hindi ko malaman kung dapat akong matuwa o mahiya. Ang pagkapunta namin sa Hapon noon ay upang pag-aralan ang kanilang mga paraan ng paglilimbag ng mga librong magagamit sa ating mga paaralan. Sa bagay na ito ay malaki ng ganoon na lamang ang pagkasulong ng mga Hapon kaysa sa atin. Naibig-ibig kong isagot: "I wish we knew less English and more of your technology," o kung tatagalugin ay,

"Hindi bale kung kapos man sa Ingles kung eksperto naman sa inyong teknolohiya."

Sa isang pagtitipun-tipon ng mga Pilipino sa America ay nagkaroon ng isang palatuntunan. Ang unang bilang ay ang pag-awit ng pambansang awit. Dahil sa ang nalalaman lamang ng mga Pilipinong nandoon ay ang pinag-aralan sa wikang Ingles, ang awit ng mga Pilipino, ng kanilang sagisag ng bansa ay sa wikang ginagamit ng mga Amerikano. Hindi ba kabiruang sabihin natin na tayo ay may independensiya na ngayon, kung ganyang tayo'y parang nahihiyang gamiting taas ang noo ang talagang atin?

May tungkulin tayong mga taga-Katagalugan. Una, dapat tayong gumamit ng tinatawag na **discretion**, alalaong-baga, ay malaman natin kung saan dapat gamitin ang wikang Tagalog upang ang mga di-Tagalog ay hindi magtampo sa atin. Pagpinabayaan natin ang Tagalog at wala kundi Ingles ang gagamitin natin sa ating mga pagtitipun-tipon ay sasabihin sa atin ng mga di-Tagalog na, anya, "Tingnan mo silang Tagalog; para bagang nahihiyang gumamit ng kanilang katutubong wika. At ngayon ay iutos sa ating gamitin natin ang Wikang Pambansa."

Kung tayo naman ay magkamali na Tagalog tayo kete-Tagalog kahit saang dako at kahit na sino ang ating mga kausap, lalo pa nga't hindi tayo matututong humingi ng pansintabi, tayo naman ay makakinisan ng ating mga kapuwa Pilipino. Ito ang **discrecion** na ating dapat gamitin sa lahat ng oras.

Nguni't ang isa namang pamahalaan na halal ng bayan ay may dapat na lakas upang ipasunod ang ilang napagtibay na bagay na hindi pagmumulan ng pagkakahati-hati. Tinutukoy ko ang mga bagay na lalong magpapatibay sa ating pagkamalaya at pagkapilipino. Tingnan na lamang ninyo ang inyong tinatawag na **residence certificate**, o papeleta. Ito ay sasabihin ninyo marahil na isang munting bagay lamang, nguni't ito ay isang munting bagay na labis magpapakilala ng ating tunay na nilalayon. Hindi kaya magiging mahalagang kadag-dagan sa pagpapalaganap ng Wikang Pambansa at sa pagsisikap ng mga maestro na maituro ang wikang ito sa lahat ng dako sa Pilipinas kung ang mga dokumento na kagaya nito ay isusulat at ililimbag sa Wikang Pilipino? Masdan ninyo ang mga babala o karatula sa daan, at pina-palad kayo pag kayo ay nakakita ng nasusulat sa wikang Tagalog, mula rito sa Malolos hanggang sa Maynila, lugar ng katagalugan. Oo, mayroon diyang ANG TIBAY, nguni't aninawin ninyo sa ibaba ng karatula at makikita ninyo ang salitang, THE WEAR THAT LASTS. Doon naman sa Polo ay may makikita kayong karatula na ang sinasabi ay PUTONG PULO. Nguni't sa ibaba ay nakadagdag ang, GOOD FOR HEALTH, TAKE HOME A BAG. Ganito ba ang pagpaparangal sa Wikang Pilipino? Hindi ba parang ikinahihiya nating mga Tagalog ang isang wikang pinaglalaanan natin ng malaking gugol upang maituro sa mga paaralan?

Wala akong ibig sabihin sa lahat ng ito kundi nasa atin din ang ika-susulong o ika-babagsak ng natutungkol sa Wikang Pilipino. Ang gawa ay mahalaga kaysa sa salita. Ang magkakapatid ay maaaring magtuksuhan ng hindi magbubunga ng masama; lahat ng Pilipino ay magkakapatid, kaya mabutihin natin ang kaunting punahan at pintasan sa ating mga ginagawa. Ang biro sa akin ng ilan kong kaibigang di-Tagalog ay ang mga Tagalog daw ay may kaunting pagka-hambug, nguni't lalong naging hambug ng ang Tagalog ang maging saligan ng Wikang Pilipino. Ito'y hindi ko isasama ng loob. Lalo kong pag-uubusan ng kaya upang ang mga di tumutulong ay maging katulong ng maluag sa loob.

Bilang katapusan ay nais kong ipunin sa maikling salita ang aking kuru-kuro. Ang wikang Ingles sa paaralang Pilipino ay nag-umpisa ng paglubog mula noong magsiuwi sa America ang mga maestrong Americano. Ang Ingles ay hindi mamamatay, nguni't magkakaroon lamang ng tamang lugar ("nasa lugar", sa salitang karaniwan). Ang Ingles ay magpapatuloy na pagaralan sa **high school** at sa unibersidad ng mahabang panahon. Nguni't hindi ako naniniwala na ang wikang ito ay siyang maghahari sa pagtuturo sa elementarya pagkalipas ng ilan pang taon. Hahalili sa Ingles ang mga katutubong wika sa tinatawag na primarya, at lalago naman sa lahat ng elementarya ang Wikang Pilipino kahit na sa pook na labas sa katagalugan. Mag-uusap-usap ang mga guro at mga tinuturuan sa wikang kanilang ganap na maiintindihan. Hindi ikahihiya ng mga taga Ibanag ang sila ay turuan sa Ibanag, at hindi rin ipagbabawal ang salitang ito sa kanilang mga paaralan. Yayaman ang ating mga sariling wika. Madadagdagan ito ng mga modernong pangungusap. Dadami ang mga babasahin sa lahat ng dako. Mabubungkal ang ating isip sa sariling wika at mahuhubog ang ating damdamin na pahalagahan ang katutubong atin. Ang salitang pang-araw-araw sa mga pook at nayon ng Pilipinas ay siyang magiging salitang pampaaralan matangi lamang ang matataas na grado sa mga kumakarera. Ang mga ito ay bibigyan ng ganap na pagkakataon upang makapag-aral na mabuti ng Ingles. Dahil sa pagbabagong ito ng kagamitan ng mga katutubong wika, ang paaralan at ang tahanan ay di na magkakahiwalay — lagi silang magiging malapit at magkaakbay sa pagkukupkop ng ating kabataan. At sa ating nadaranas na pagmamahal sa ating katutubong wika ay makikilala rin ng boong bansa na ang Wikang Pilipino pala ay atin din, at dito na magmumula ang pagkilala sa kahalagahan ng isang wikang pangkalahatan na nanggaling sa sariling atin. Dadali ang pagtuturo ng Wikang Pilipino sa mga paaralan hanggang sa ito ang pagkakaisahang gamitin sa darating na panahon sa ating tinatawag na literatura, siyensya, pamahalaan, negosio, at iba't iba pang panig ng ating kabuhayang pambansa.